AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 22

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Bianca's BIG Secret" na isinulat ni Joshene Bersales.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 22** |
|---|
| Book Title: Bianca's BIG Secret |
| Author: Joshene Bersales |
| Source: Buri Books |

Magandang umaga! ☺ Si Teacher Robyn po ulit to para sa reading lesson natin ngayong araw! 📚🤓🧡 Ang babasahin natin ay "Bianca's BIG Secret" ni Ginang Joshene Bersales 👩🏽🏫

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Balikan natin ang promises natin kada pagbasa natin! ☺
(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣
(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓
(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**
Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔

**(1) Matalik niyang kaibigan (matalik na kaibigan)**
**(2) Ibaybay**
**(3) Mantekilya**

--

**📚 BIANCA'S BIG SECRET NI JOSHENE BERSALES**
*Bigkasin ang kada-linya* 📣

• Nilapitan agad si Bianca ng mga kaklase niya pagpasok niya ng silid.
Sabik na silang marinig and bago niyang kuwento.Palaging may bagong kuwento si Bianca tuwing umaga. 👧🟫💬
• Pero iba and araw na ito. Imbes na agad magkuwento, umiling si Bianca at itinuro ang matalik niyang kaibigan na si Popoy. 👧🟫👉🟫👦🟫 Lumingon silang lahat kay Popoy, kaya mabilis siyang nag-imbento agad ng kuwento. 👦🟫💬
• Sa klase sa Math, sinabihan ni Titser Chris si Bianca na pagsamahin ang 2 at 3. Naisip niyang masasagot agad ni Bianca ito. 👨🟫🏫 Palaging nakakasagot sa mga tanong at mahilig ding magtanong si Bianca. Pero imbes na sabihin ni Bianca ang sagot kapag pinagsama ang dalawang bilang, itinaas niya ang kaliwang kamay niya at iwinagayway ang limang munting daliri. 👧🟫✋🟫
• Sa klase sa English, sinabi ni Titser Carla na ibaybay ang NEST. Sigurado si Popoy na kayang i-spell ng matalik na kaibigan ang salita. 👩🟫🏫 Palaging nagpapraktis si Bianca tuwing recess. Pero hindi binuksan ni Bianca ang bibig niya para ibaybay ang salita. Sa halip ay pumunta siya sa tsart ng mga alpabeto at tinuro ang mga titik na N, E, S, at T. 👧🟫🔤
• Nagsimulang mag-alala ang mga kaklase niya. Bakit kaya hindi nagsasalita si Bianca? Ni hindi niya binuksan ang bibig niya upang kumain ng meryenda no'ng recess! 🤐🥪 "Ano'ng problema, Bianca?" tanong ni Popoy. 🤔👦🟫 Umiling si Bianca at ngumiti, pero hindi pa rin ibinubuka ang mga labi. 👧🟫🤐
• "Alam ko na!" sigaw ni Iya. "Nawalan ka ng boses dahil ang tagal mong naglaro sa ulan!" 💦
"Nawalan ka nga ba ng boses, Bianca?" tanong ni Popoy. 👦🟫 Pero hindi ibinuka ni Bianca ang bibig para sumagot. Sa halip, humuni siya ng paboritong kanta at sinenyasan si Popoy na sabayan siya sa pagkanta. 👧🟫🎶👦🟫
• "Baka nakakain siya ng pandikit!" biro ni Juan. "Akala ng nanay niya mantekilya 'yon at nilagay 'yon sa tinapay niya!" 🥪
• Nagtawanan ang mga kaklase nila. 😂
"Nakakain ka nga ba ng pandikit, Bianca?" gulat na tanong ni Popoy. 👦🟫
Pinalobo ni Bianca ang mga pisngi niya para hindi siya matawa. 👧🟫
Kinuha niya ang sandwich niya sa baunan. Binuksan niya ito at ipinakita sa kanila na mantekilya ang nakalagay, hindi pandikit. 🎒🥪
• "Ay, alam ko na!" sigaw ni Sheryl. "Baka nahulog siya sa hagdan at nakagat ang dila niya!" 📶😛
Nagulat ang mga kaklase niya at napatakip ng bibig.

“Nakagat mo nga ba ang dila mo, Bianca?” nag-aalalang tanong ni Popoy. 😥👦🏽
Humagikgik si Bianca at nilabas ang dila niya, pero nanatiling nakasara ang bibig niya. 👧🏽😋

- “E bakit ayaw mong magsalita, Bianca?” tanong ni Popoy. 👦🏽 Sumang-ayon ang mga kaklase nila at naghintay. Pero hindi sumagot si Bianca. Sa halip ay kumindat siya at kunwaring isinara ng zipper ang bibig. 👧🏽🤐
- Nanatiling tahimik si Bianca hanggang sa mag-uwian na. Kahit ano’ng gawin nila, hindi siya napagsalita nina Popoy at iba pang kaklase nila. Sa wakas, uwian na. Kumaway si Bianca sa kaniyang mga kaklase at agad na tumakbo sa gate bago pa nila siya tanungin ulit. 🏃🏽‍♀️
- Naghihintay na ang papa niya sa labas ng gate nang makarating do’n si Bianca. Mabilis siyang pumasok sa kotse at isinuot ang seatbelt. 🚙

“Kumusta sa paaralan ngayon, Bianca?” tanong niya. 👨🏽 Pero hindi sumagot si Bianca. Sa halip ay ngumuso siya at nilukot ang maliit at bilugan niyang ilong. Natawa ang papa niya at tinapik siya sa ulo. “‘Wag kang mag-alala,” sabi niya.“May bagong ngipin na tutubo diyan pagkatapos ng ilang linggo.” 🦷

- Sa wakas, binuksan na ni Bianca ang bibig niya para magsalita. “Buti naman po, Papa!” sigaw niya. “Hindi ko na yatang hindi makipag-usap sa mga kaibigan ko.” 😄💬💬💬💬

---

✏️ **GAWAIN**
Sabay-sabay nating balikan ang kuwento ni Bianca!

🔎 May pinagtatakahan ang mga kaibigan ni Bianca sa halos kabuoan ng kuwento. Ano ito?

🔎 Nang sinundo na si Bianca ng kanyang Papa sa kawakasan ng kuwento, ano pala ang BIG SECRET ni Bianca?

🔎 Paano kaya nahulog ang ngipin ni Bianca? Nahulog na ba ang mga baby-teeth ninyo? Ano ang nangyayari kung nahuhulog ang mga ito?

🔎 Pikit natin ang ating mga mata at isipin natin na tayo ay si Bianca, at may bungi tayo. Parehas rin ba ang gagawin natin na isasara lang natin ang ating bibig buong araw?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Ano kaya ang gustong ipahiwatig ng awtor ng ating kuwento ngayong araw? Para kay Teacher, ang istoryang ito ay tungkol sa ano man ang ating ikinahihiya at kung paano ito nakakapigil sa ating makipag-usap o makipag-salumuha sa iba.

Kay Bianca, ano ang ikinihiya niya na hindi siya nakapag-usap sa kaniyang kaibigan buong araw? Para sa inyo, mga bata, meron ba tayong ikinahihiya minsan na

tumitigil sa ating makipag-usap sa iba o gumawa ng kahit ano?

Si Teacher meron na meron. Minsan, bulol si Teacher, at dahil dito, nahihiya ako minsan magsalita. Lahat naman tayo merong ikinahihiya. Pero sana, habang tumatagal, at sa tulong ng mga mahal natin katulad ng Papa ni Bianca, maging mas komportable tayo sa sarili natin na hindi ito maging hadlang sa atin sa ano mang paraan.

May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.